

ImageFIRST®

2024-2025
# Gabay sa Mga Benepisyo

# Maligayang pagdating sa Iyong Mga Benepisyo sa ImageFIRST

## Ngayon ang panahon para mag tumuon sa iyo.

Mahalaga ang iyong pisikal, emosyonal, at pinansiyal na kalusugan, lalo na sa mga panahon ng hamon. Nagmamalasakit ang ImageFIRST sa iyo at sa iyong pangkalahatang kapakanan, iyon ang dahilan kung bakit nag-aalok kami ng isang komprehensibong programa ng mga benepisyo na maaaring makatulong na magbigay sa iyo ng katatagan at seguridad upang maging handa para sa hindi inaasahan.

Nag-aalok ang aming programa sa mga benepisyo ng mga benepisyo sa kalusugan at kagalingan, pati na rin ng pinansiyal na seguridad sa aming mga kasamahan at kanilang mga pamilya. Nagbibigay ang gabay na ito ng pangkalahatang buod ng iyong mga pagpipilian sa benepisyo at impormasyon sa enrollment upang matulungan kang piliin ang tamang coverage para sa iyo.

## Narito kung saan mahahanap ...


3 Ang Aming Mga Inaalok na Benepisyo
4 Impormasyon sa Enrollment
5 Medikal at Inireresetang Gamot
7 Mga Programa ng Botika
8 CVS Health Virtual Primary Care
9 Mga CVS Minute Clinic
9 Mga Programa sa Pamamahala ng Timbang ng CVS
10 Mga Karagdagang Benepisyo sa Kalusugan
11 Mga Programa sa Diskwento ng Miyembro
12 Pamamahala sa Iyong Kalusugan
13 Ngipin
14 Paningin
15 Mga Account sa Flexible na Paggastos (Flexible Spending Account, FSA)
17 Group Term Life at Aksidenteng Pagkamatay at Pagkawala ng Braso o Binti (Accidental Death and Dismemberment, AD&D)
18 Kapansanan
20 Programa sa Tulong sa Kasamahan (Associate Assistance Program, AAP)
21 401(k) sa Pagreretiro
23 Mga Boluntaryong Benepisyo
25 Mga Pangunahing Termino sa Insurance
26 Mga Contact



# Ang Aming Mga Inaalok na Benepisyo

Nagbibigay ang ImageFIRST ng buong hanay ng coverage na pinoproktektahan ka sa pananalapi at tumutulong sa iyo na bumuo ng ligtas na hinaharap.

## Kalusugan at Kagalingan

- Mga Medikal na Plano at Plano sa Reseta
- CVS Health Virtual Primary Care
- Pamamahala ng Kalamnan at Buto (Musculoskeletal, MSK) at Diabetes
- Insurance sa Ngipin
- Isurance sa Paningin
- Mga Account sa Flexible na Paggastos (Flexible Spending Account, FSA)
- Mga Programa sa Diskwento ng Miyembro
- Programa sa Tulong sa Kasamahan (Associate Assistance Program)

## Seguridad sa Kita

- Insurance sa Kritikal na Sakit
- Insurance sa Aksidente
- Insurance sa Kabayaran sa Ospital
- Insurance sa Kapansanan
- Life Insurance
- Legal na Insurance
- 401 (k) na Plano sa Pagtitipid sa Pagreretiro



# Impormasyon sa Enrollment

Bago magpasya kung mag-e-enroll ka o hindi sa mga benepisyo sa kalusugan at grupo ng ImageFIRST, palaging tandaan na maraming magagandang dahilan upang masusing tingnan ang lahat ng benepisyo at pagpipilian na inaalok sa iyo ng ImageFIRST, kahit na sakop ka na sa proteksyon ng mga plano ng benepisyo ng ImageFIRST.

Halimbawa, maaari kang makaranas ng mga pagbabago sa bawat taon. At malamang na may mga pagbabago sa kung ano ang babayaran mo para sa coverage bawat taon. Kaya, magandang ideya na tiyakin na angkop pa rin sa iyo ang iyong mga benepisyo — at na hindi ka nagbabayad para sa mas maraming coverage kaysa sa kailangan mo.

## Kailan Ako Maaaring Mag-enroll?

Bilang kasamahan na kwalipikado sa mga benepisyo, mayroon kang pagkakataong mag-enroll o gumawa ng mga pagbabago sa iyong mga plano sa benepisyo sa panahon ng aming taunang panahon ng enrollmens sa mga benepisyo.

Kung nag-e-enroll ka bilang isang bagong kasamahan, magiging kwalipikado ka para sa mga benepisyo sa ika-1 ng buwan kasunod ng 30 araw at dapat na mag-enroll ka sa loob ng 30 araw upang magkaroon ng coverage para sa natitirang bahagi ng taon ng plano.

## Sino ang Maaaring Mag-enroll?

Maaari mong i-enroll ang iyong legal na asawa, kinakasama, at mga kwalipikadong anak sa mga planong nag-aalok ng coverage para sa dependent. Tinutukoy ang mga kwalipikadong dependent bilang iyong legal na asawa, kinakasama, at mga kwalipikadong anak na naninirahan sa iyong sambahayan at pangunahing umaasa sa iyo para sa suporta. Kabilang dito ang: iyong mga sariling anak, o mga batang legal na inampon, anak ng iyong asawa, isang bata na ikaw ang kanyang hinirang na tagapag-alaga, at/o bata na kung para saan ang inilabas ng hukuman na Kautusan sa Kwalipikadong Medikal na Suporta sa Bata (Qualified Medical Child Support Order, QMCSO) na iniaatas sa iyo o sa iyong asawa na magbigay ng coverage.

**Available ang Mga Bihasang Tagapayo sa pamamagitan ng call center sa telepono ng iBTR para makatulong na ipaliwanag ang lahat ng iyong pagpipilian para sa benepisyo, sagutin ang iyong mga katanungan at kumpletuhin ang iyong enrollment, sa iyong ngalan.**

**Mangyaring bisitahin ang imagefirst.annualenrollment.net para mag-iskedyul ng appointment sa telepono o mag-enroll sa self-service na platform sa workforcenow.adp.com.**

## Karagdagang Singil sa Asawa/Kinakasama

Kailangan mong i-verify kung nagtatrabaho ang iyong asawa/kinakasama at kung kwalipikado siya para sa coverage sa pamamagitan ng kanyang employer sa iyong paunang enrollment at sa bawat panahon ng Taunang Enrollment. Kung nag-aalok ng coverage sa iyong asawa/kinakasama sa pamamagitan ng kanyang employer at pinili mong i-enroll siya sa isang medikal na plano ng ImageFIRST, awtomatikong ilalapat sa iyong buwanang premium ng medikal na plano ang karagdagang $100 na singil kada buwan.

Hindi ito nalalapat kung hindi nagtatrabaho ang iyong asawa/kinakasama. Nalalapat lamang ang probisyon na ito sa medikal na coverage at coverage ng inireresetang gamot anuman ang pinili mong plano. Hindi nalalapat sa iyong iba pang benepisyo ang karagdagang singil sa asawa/kinakasama.

# Medikal

**Aetna | aetna.com | 800.962.6842**

Nakatuon ang ImageFIRST upang tulungan ka at ang iyong mga dependent na mapanatili ang kalusugan at kagalingan sa pamamagitan ng pagbibigay sa iyo ng access sa mga pinakamataas na antas ng pangangalaga. Nag-aalok kami sa iyo ng dalawang pagpipilian sa medikal na plano para sa 2024:

- Open Access Aetna Select Plan
- Open Access Aetna Select HDHP

## Benepisyo sa Pagsusuri ng Kalusugan

**Ang mga produkto ng Aetna Voluntary ay may benepisyo sa pag-reimburse ng pagsusuri sa kalusugan. Kung naghahatid ka ng alinman sa mga Suplementong coverage ng Aetna, maaari kang makalikom ng $100 sa bawat Suplementong produkto ng Aetna (Aksidente, Kritikal na Sakit at Kabayaran sa Ospital) kung saan naka-enroll ka (hanggang sa $300) para sa pagkumpleto ng taunang pisikal na pagsusuri.**

**Bisitahin ang MyAetnaWebsite.com upang magparehistro para sa iyong website ng miyembro.**

**Kunin ang Aetna Health℠ app sa pamamagitan ng pag-text ng “AETNA” sa 90156 para makatanggap ng link sa pag-download. Maaaring may mga rate sa mensahe at data.** — O — I-scan ang QR code para i-download ang Aetna Health℠ app**

## Paano Gumagana ang Iyong Medikal na Plano

**Ang Binabayaran Mo:**
ANG DEDUCTIBLE

**Ang Binabayaran Mo at ng Plano:**
ANG COINSURANCE -
Ang mga gastos na ibinabahagi mo sa plano

**Naabot mo na ang iyong maximum na out-of-pocket**

**Ang Binabayaran ng Plano:**
ANG MGA GASTOS NA HIGIT SA MAXIMUM NA OUT-OF-POCKET

# Inireresetang Gamot

**CVS Caremark | caremark.com**

Kapag nag-enroll ka sa isa sa mga medikal na plano ng Aetna, awtomatiko kang ie-enroll sa programa sa Inireresetang Gamot sa pamamagitan ng CVS Health. Nagbibigay ang CVS ng isa sa mga pinakamalaking network ng mga nakikilahok na botika, pati na rin ng maginhawang opsyon sa pagpapadala sa mail kung saan maaari kang makatipid. Maa-access din ng mga miyembro ang mga reseta sa pamamagitan ng programa sa pagpapadala sa mail ng CVS.

**Bisitahin ang caremark.com o i-scan ang QR code para magparehistro para sa iyong website ng miyembro.***

**Mangyaring tandaan na hindi magiging aktibo ang numero ng telepono ng serbisyo sa customer at link ng Caremark hanggang 10/1/24.*

Saklaw nang 100% na walang deductible ang mga pang-iwas sa sakit na gamot at contraceptive na kwalipikado sa Batas sa Abot-kayang Pangangalaga (Affordable Care Act, ACA).

Pagkatapos ng dalawang pag-refill, awtomatiko kang ie-enroll sa isang 90-araw na supply ng iyong mga pang-maintenance na gamot sa rate na may diskwento, na ihahatid sa iyong tahanan. May opsyon kang mag-opt out sa paraan ng paghahatid na ito sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Aetna sa 1.888.792.3862.

## Buod ng medikal na plano

| Medikal | OPEN ACCESS AETNA SELECT | OPEN ACCESS AETNA SELECT HDHP |
|---|---|---|
| | Sa loob ng network | Sa loob ng network |
| Deductible<br>Empleyado lamang<br>Pamilya | <br>$250<br>$500 | <br>$2,000<br>$4,000 |
| Coinsurance | 100% | 100% |
| Maximum na out-of-pocket (kasama ang deductible)<br>Empleyado lamang<br>Pamilya | <br>$5,500<br>$11,000 | <br>$7,000<br>$14,000 |
| Pangangalagang pang-iwas sa sakit | 100%<br>$0 Copay | 100% Walang Deductible |
| Pagbisita sa tanggapan (PCP/Espesyalista) | $35/$45 Copay | 100% Pagkatapos ng Deductible |
| Emergency room | $200 Copay | 100% Pagkatapos ng Deductible |
| Agarang pangangalaga | $40 Copay | 100% Pagkatapos ng Deductible |
| Pangangalaga sa Pasyente sa Ospital | $1,500 Copay Pagkatapos ng Deductible | 100% Pagkatapos ng Deductible |
| Outpatient na Surgery | $500 Copay Pagkatapos ng Deductible | 100% Pagkatapos ng Deductible |

## Buod ng plano ng botika

| Mga inireresetang gamot | OPEN ACCESS AETNA SELECT | OPEN ACCESS AETNA SELECT HDHP |
|---|---|---|
| Retail (30 araw na supply) | | |
| Tier 1 — mga generic | $20 Copay | $20 Copay |
| Tier 2 — mas pinipiling gamitin | $40 Copay | $40 Copay |
| Tier 3 — hindi pinipili | $70 Copay | $70 Copay |
| Mail order (90 araw na supply) | | |
| Tier 1 — mga generic | $40 Copay | $40 Copay |
| Tier 2 — mas pinipiling gamitin | $80 Copay | $80 Copay |
| Tier 3 — hindi pinipili | $140 Copay | $140 Copay |

## Mga lingguhang medikal na kontribusyon mula sa payroll ng empleyado

### May bisa mula Okt. 1, 2024

| | OPEN ACCESS AETNA SELECT | OPEN ACCESS AETNA SELECT HDHP |
|---|---|---|
| Empleyado | $40.94 | $19.59 |
| Empleyado + asawa | $122.93 | $97.19 |
| Empleyado + (mga) anak | $97.69 | $72.00 |
| Pamilya | $159.05 | $121.56 |

*Maaaring piliin ng mga empleyado ang medikal na plano at plano sa inireresetang gamot nang hindi nag-e-enroll sa plano sa ngipin o paningin.*

# Mga Programa ng Botika

**PrudentRx | prudentrx.com | 800.578.4403**

Nakikipagtulungan ang ImageFIRST sa PrudentRx para bawasan ang mga halaga ng iyong mga espesyal na gamot sa pamamagitan ng kanilang makabagong estratehiya sa disenyo ng plano sa copay. Kasama ang PrudentRx sa CVS Specialty Pharmacy at pinapahintulutan nito ang mga miyembro na magbayad ng $0 na out-of-pocket para sa mga kwalipikadong espesyal na gamot sa listahan ng gamot ng plano na ibinibigay ng CVS Specialty.

Kahit na walang programa sa copay card para sa iyong kwalipikadong espesyal na gamot, makikipagtulungan ang PrudentRx sa mga manufacturer para tiyaking magiging $0 ang mga out-of-pocket na gastos mo hangga't naka-enroll ka sa programa. Para makilahok sa programa, kailangan ibahagi ang ilang partikular na data sa mga administrator ng mga programa sa tulong sa copay na ito, pero makakatiyak kayo na isinasagawa ito nang sumusunod sa Batas sa Portability at Pananagutan sa Insurance sa Kalusugan (Health Insurance Portability and Accountability Act, HIPAA) ng 1996.

Kung kasalukuyan kang umiinom o gumagamit ng isa o higit pang gamot na kasama sa listahan ng espesyal na gamot ng iyong plano, makakatanggap ka ng sulat ng pagtanggap at tawag sa telepono mula sa PrudentRx na nagbibigay ng impormasyon tungkol sa programa at sasagot sa anumang tanong na maaaring mayroon ka. Awtomatikong ie-enroll ang lahat ng kwalipikadong miyembro sa PrudentRx Copay Program, pero puwede mong piliing mag-opt out sa programa sa pamamagitan ng pagtawag sa 800.578.4403. Kung pipiliin mong hindi lumahok sa PrudentRx Copay Program, hindi ka magigin kwalipikado para sa $0 na copay at magiging responsable para sa 30% copay.

## Paano gumagana ang PrudentRx?

1. Nakikipagtulungan ang PrudentRx sa mga manufacturer ng gamot para tukuyon ang mga programa sa tulong sa copay para sa mga espesyal na gamot.

2. Kung kasalukuyan kang umiinom o gumagamit ng isa o higit pang gamot na kasama sa listahan ng kwalipikadong espesyal na gamot ng iyong plano, makakatanggap ka ng sulat ng pagtanggap at tawag sa telepono mula sa PrudentRx. Awtomatikong mae-enroll sa PrudentRx Copay Program ang lahat ng kwalipikadong miyembro.

3. Magbabayad ka ng $0 ng out-of-pocket para sa anumang espesyal na gamot.





# CVS Health Virtual Primary Care

**CVS Caremark | cvs.com/virtual-care**

Nakatuon ang ImageFIRST sa pagdadala ng mga programa sa aming mga kasamahan at kanilang mga pamilya na makakatulong na kontrolin ang mga gastos at magbibigay ng higit na access sa de-kalidad ng pangangalaga. May access sa programang CVS Virtual Care ang lahat ng naka-enroll na miyembro sa aming mga medikal na plano ng Aetna. Mula sa mga pagbisita para sa kagalingan hanggang sa mabilisang pangangalaga, saklaw ka namin. Mag-iskedyul ng appointment sa virtual na pangangalaga sa madaling paraan kahit saan. Magagamit mo ang CVS Health Virtual Primary Care™ bukod pa sa iyong tradisyonal na network ng mga provider. Kasama ang access sa iyong medikal na plano, na ginawang available sa pamamagitan ng Aetna®, isang kumpanya ng CVS Health® dahil mas nagiging malusog kung nagtutulungan tayo.

Gamitin ang CVS Health Virtual Primary Care para sa sumusunod:

## On-demand na pangangalaga

**Available sa mga nasa hustong gulang at mga batang higit sa 18 buwan**

- Ubo, sipon, trangkaso at strep
- Pananakit ng kasukasuan, ulo, at tiyan
- Mga hindi malubhang kondisyon sa balat gaya ng mga impeksiyon sa balat, pantal, kagat ng insekto at hiwa
- Mga impeksiyon (tainga, sinus, UTI)
- Mga pag-refill ng gamot

## Mga serbisyo sa kalusugan ng isip

**Available sa mga nasa hustong gulang na 18 taong gulang at pataas**

- Mga anxiety at mood disorder
- Pagsusuri para sa depresyon
- Pamamahala ng gamot
- Suporta sa stress, mga pag-adjust sa buhay at paglutas ng salungatan
- Pagtulog at mga nauugnay na gawi sa pagtulog

## Mga serbisyo sa pangunahing pangangalaga

**Available sa mga nasa hustong gulang na 18 taong gulang at pataas**

- Mga pangmatagalang sakit (asthma, diabetes)
- Pangangalaga sa may sakit
- Kagalingan at taunang pagsusuri ng kalusugan
- Mga follow-up mula sa mga personal na pagbisita
- Mga pag-adjust at refill ng gamot

**Mas mababa sa Agarang Pangangalaga o pagbisita sa ER, hindi kailanman mas mahal ang CVS Health Virtual Primary Care kaysa sa pagpapatingin sa doktor sa pangunahing pangangalaga.**

**Bisitahin ang cvs.com/virtual-care o i-scan ang QR code para magparehistro at mag-iskedyul ng appointment.**

# Mga CVS Minute Clinic

## PAG-AALAGA KAPAG KAILANGAN MO ITO, NANG WALA KANG BABAYARAN

Paminsan-minsan, basta na lang nangyayari ang mga bagay. Halimbawa, nagkakaroon ang iyong anak ng mga sintomas ng trangkaso pagkatapos magsara ang tanggapan ng iyong pangunahing pangangalaga para sa araw. May natapakan kang thumbtack sa isang weekend. Naiintindihan naming nangyayari ang mga bagay, at kapag nangyari ang mga ito, gusto mong ma-access ang pangangalaga sa presyo na kayang mong bayaran. May access ka sa lahat ng sakop na serbisyo ng MinuteClinic nang wala kang babayaran.*

- Ang MinuteClinic ay isang walk-in na klinika sa loob ng mga piling CVS Pharmacy at Target store at ito ang pinakamalaking provider ng retail na pangangalagang pangkalusugan sa Estados Unidos, na ginagawang madaling i-access ang pangangalaga sa iyong lugar.
- Nag-aalok ang MinuteClinic ng malawak na hanay ng mga serbisyo upang mapanatili kang malusog at ang iyong pamilya. Naggagamot at nagsusuri ang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan ng MinuteClinic ng iba't ibang sakit, pinsala at kondisyon. Maaari din silang magsulat ng mga reseta, kung medikal na naaangkop.
- Bukas nang 7 araw sa isang linggo, kabilang ang mga gabi at weekend. Maaari kang mag walk-in o paunang mag-iskedyul ng mga appointment sa online. At para sa higit pang kaginhawaan, maaari mong kunin ang iyong reseta sa mismong lugar.
- Kasinsimple ito ng pagpunta sa iyong lokal na MinuteClinic at pagtanggap ng pangangalaga. Maaari ding sulitin ng iyong mga sakop na miyembro ng pamilya ang benepisyong ito.

**Kapag miyembro ka na ng Aetna, puwede mong alamin pa ang tungkol sa benepisyong ito na idinisenyo para tulungan kang makuha ang pangangalagang kailangan mo, kapag kailangan mo ito — nang wala kang babayaran. Para sa iyong pinakamabuting kalusugan, hinihikayat ka naming magkaroon ng ugnayan sa isang manggagamot sa pangunahing pangangalaga o iba pang doktor. Sabihin sa kanila ang tungkol sa iyong pagbisita sa MinuteClinic, o maaaring direktang magpadala sa kanila ang MinuteClinic ng buod ng iyong pagbisita.*

# Mga Programa sa Pamamahala ng Timbang ng CVS

Isang paglalakbay ang pagbabawas ng timbang. Narito ang Programa sa Pamamahala ng Timbang ng CVS para tulungan ka sa bawat hakbang ng daan. Nagbibigay ang programa ng naka-customize na suporta na kailangan mo para sa mga nagtatagal na resulta. Tutulungan ka ng programa na maabot ang iyong mga layunin sa pamamagitan ng:

- One-on-one na suporta mula sa isang team ng mga clinician, kasama ang mga provider at nakarehistrong dietitian
- Isang plano sa nutrisyon na naka-personalize para sa iyo, na iniangkop para matugunan ang iyong mga indibidwal na pangangailangan
- Mga nakakonektang pansukat ng katawan, timbangan, at iba pang device, ayon sa naaangkp, para suportahan at subaybayan ang iyong progreso
- Health Optimizer app na may mga nakakatulong na gabay, recipe, pagtakda ng layunin, at higit pa



# Mga Karagdagang Benepisyo sa Kalusugan

**Aetna | myaetnasupplemental.com | 800.607.3366**

Makakatulong ang insurance sa mga boluntaryong benepisyo sa pamamagitan ng Aetna na protektahan ka mula sa mga malaki o hindi inaasahang out-of-pocket na gastos. Isaalang-alang ang iyong mga inaasahang medikal na pangangailangan kasama ang halaga ng mga plano sa insurance na available sa iyo. Palaging tandaan na inilalaan ang mga planong ito para dagdagan, hindi palitan, ang isang medikal na plano.

## Insurance sa kritikal na sakit

Nakikipagtulungan ang ImageFIRST sa Aetna upang mag-alok ng insurance sa kritikal na sakit, na karagdagan sa major na medikal na coverage sa pamamagitan ng pagtulong sa mga empleyado na bayaran ang mga direkta at hindi direktang gastos na nauugnay sa isang kritikal na sakit o kaganapan. Ang ilan sa mga kondisyon na sakop sa proteksiyon ng programang ito ay ang kanser, atake sa puso, stroke, Alzheimer's, sakit sa bato at paralisis. Binabayaran ang mga benepisyo nang walang buwis sa isang lump sum na umaabot sa $10,000 hanggang $40,000 sa paunti-unting $10,000 na gagamitin ayon sa iyong pagpapasya. Kasama ang coverage ng bata sa iyong pagpili ng empleyado, at mayroon ka ring opsyon na pumili sa coverage ng asawa.

## Insurance sa aksidente

Idinisenyo ang insurance sa aksidente sa pamamagitan ng Aetna upang madagdagan ang major na medikal na coverage sa pamamagitan ng pagbabayad ng mga partikular na halaga ng benepisyo para sa mga gastos na nagreresulta mula sa mga pinsala o aksidente. Ang pagpapaospital, physical therapy, intensibong pangangalaga, transportasyon at tirahan ay ilan sa mga out-of-pocket na gastusin na maaaring saklawin ng insurance sa aksidente na ito. Available ang coverage para sa iyo, iyong asawa at/o sa iyong (mga) anak.

## Insurance sa kabayaran sa ospital

Idinisenyo ang insurance sa kabayaran sa ospital sa pamamagitan ng Aetna upang makatulong na magbigay ng proteksyon sa pananalapi para sa mga saklaw na indibidwal sa pamamagitan ng pagbabayad ng benepisyo para sa pagpapaospital. Maaari mong gamitin ang benepisyo upang matugunan ang mga out-of-pocket na gastos at karagdagang bayarin na maaaring magkaroon. Direktang ibinabayad sa iyo ang mga lump-sum na benepisyo sa kabayaran sa ospital batay sa halaga ng coverage na nakalista, anuman ang aktwal na gastos ng paggamot.



# Mga Programa sa Diskwento ng Miyembro

## Bilang isang naka-enroll sa medikal na plano ng Aetna, makakatanggap ka at ang iyong mga dependent ng mga diskwento sa mga sumusunod na serbisyo:

- Mga Membership sa Gym
- Coaching sa Kalusugan sa Tahanan, Personal na Pagsasanay, at Kagamitan sa Pag-eehersisyo
- Mga Hearing Aid, Pagkumpuni, at Pagsusuri
- Mga Programa sa Pamamahala ng Timbang
- Mga Serbisyo at Produkto sa Natural na Therapy
- Paningin at Higit Pa!

**Upang ma-access ang iyong mga diskwento, i scan lamang ang QR code gamit ang iyong smart phone o pumunta sa aetna.com. Maaari ka ring tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa 800.962.6842.**

### AETNA VISION DISCOUNT PROGRAM (EYEMED SELECT NETWORK):

| Produkto O Serbisyo | Pinababang Bayarin/ Gastos ng Miyembro | Produkto O Serbisyo | Pinababang Bayarin/ Gastos ng Miyembro |
|---|---|---|---|
| **Mga Frame** | | Mga Contact Lens | |
| Mga Frame ng Salamin | 35% diskwento sa retail na presyo | Mga karaniwang lens | 15% diskwento sa retail na presyo |
| **Mga Lens Bawat Pares (Walang Coat na Plastic)** | | Mga Karagdagang Item na May Kaugnayan sa Paningin | |
| Single Vision na Karaniwang Lens Mga Lens | $40 | Lahat ng iba pang LASIK na procedure | 15% diskwento sa retail na presyo - Mga Serbisyo ng U.S. Laser Network |
| Mga Bifocal na Karaniwang Lens | $60 | Nawalan ng Lens? | Mga Kalahok na Provider ng Aetna: |
| Mga Trifocal na Karaniwang Lens | $80 | 1-800-391-LENS (1-800-391-5367) | Pearle Vision, JCPenney Optical, LensCrafters, Target Optical |
| Karaniwang Progresibo (no-line bifocal) | $120 | | |

| Mga Pagpipilian sa Lens Bawat Pares (Idadagdag sa Presyo ng Lens sa Itaas) | |
|---|---|
| Karaniwang Polycarbonate (kasama ang UV at coating na panlaban sa gasgas) | $40 |
| Coating na panlaban sa gasgas | $15 |
| Ultraviolet (UV) coating | $15 |
| Solid o gradient tint | $15 |
| Salamin | 20% diskwento sa retail na presyo |
| Photochromic para sa salamin | 20% diskwento sa retail na presyo |
| Karaniwang anti-reflective na coating | $45 |
| Mga salamin sa mata | $42 |
| Pagsusukat ng karaniwang contact lens at follow-up | $40 (kasama ang $42 na bayad sa pagsusuri) |
| Pagsusukat ng mga espesyal na contact lens at follow-up (sa madaling salita, Toric, Bifocal, Gas Permeable) | $10 diskento sa retail (kasama ang $42 na bayad sa pagsusuri) |



# Pamamahala sa Iyong Kalusugan

## Digital na Physical Therapy

### Hinge Health | 855.902.2777 | help@hingehealth.com

Nakikipagtulungan ang ImageFIRST sa Hinge Health para tulungan kang bumalik sa mga aktibidad na gusto mo. Nag-aalok ang Hinge Health ng mga makakabagong digital na programa sa mga madaling gawin na 15 minutong sesyon ng therapy sa pag-eehersisyo. Available ang lahat ng ito sa iyo nang walang babayaran para sa iyo at mga miyembro ng iyong pamilya na may edad na 18+ na naka-enroll sa Aetna Medical Plan.

**Ang Hinge Health ay isang programa sa pananakit o kirot ng likod at kasukasuan na available sa lahat ng empleyadong naka-enroll sa medikal na plano ng Aetna sa pamamagitan ng ImageFIRST.**

Nagbibigay ang Hinge Health ng lahat ng tool na kailangan mo para gumalaw muli nang maginhawa mula sa iyong bahay. Maaaring kasama sa iyong custom na plano ang:

- Physical therapist at/o coach sa kalusugan para magdisensyo ng plano sa pangangalaga para lang sa iyo.
- Access sa mga sesyon ng virtual na physical therapy kung kinakailangan.
- Therapy sa pag-eehersisyo na ginagabayan ng app na magagawa mo mula sa bahay ayon sa sarili mong bilis.

## Program sa Pamamahala ng Diabetes

### CVS Health

Ang Transform Diabetes CARE ay isang 12 buwang programa na nakakatulong na panatilihing binabantayan ang iyong diabetes. Makakatulong ito sa iyo na hanapin ang mga pinakamagandang paraan para pamahalaan ang iyong diabetes at tulungan kang mamuhay nang malusog, manatiling may motibasyon at maabot ang pinakamagandang kalusugan mo. Nang wala kang karagdagang gastos.

Nagbibigay sa iyo ang programang ito ng naka-customize na gabay batay sa iyong mga partikular na pangangailangan. Maaari kang makakuha ng mga paalala tungkol sa:

- mga refill
- appointment sa doktor
- mga screening na pang-iwas sa sakit

**Para sa mga tanong tungkol sa programang Transform Diabetes Care, mangyaring tumawag sa 1.800.348.5238.**

Dagdag dito, makakakuha ka ng mga plano sa nutrisyon batay sa kung ano ang gusto at kailangan mo. Sa Health Optimizer app, puwede mong subaybayan ang iyong glucose at presyon ng dugo; i-track at ibahagi ang mga resultan; alamin pa ang tungkol sa diabetes at pagpapanatili ng malusog na paraan ng pamumuhay; maghanda ng mga pagkaing naaayon sa iyong mga paghihigpit sa diyeta; at higit pa.

Para manatiling nasa tamang landas, puwede kang kumuha ng naka-personalize na suporta mula sa mga nurse na Sertipikadong Espesyalista sa Pangangalaga at Edukasyon sa Diabetes. Dagdag pa iyon sa suporta mula sa iyong programa sa pamamahala ng diabetes.

Kung umiinom ka ng mga gamot sa diabetes o naka-enroll ka na sa isang programa sa diabetes, awtomatiko kang mae-enroll sa programa at makakatanggap ka ng pang-welcome na package na may higit pang detalye, kasama ang toll-free na hotline para sa iyong mga tanong.

# Ngipin

## United Concordia Dental | unitedconcordia.com | 800.332.0366

**Piliin ang Elite Plus PPO network.**

Nagtatagal ang iyong mga benepisyo sa ngipin ayon sa taon ng plano mula Oktubre 1 hanggang Setyembre 30. Kung pinili mo o ng iyong mga dependent na huwag mag-enroll sa mga benepisyo sa ngipin sa Oktubre 1, kailangan mong maghintay hanggang sa susunod na araw ng Bukas na Enrollment o makaranas ng isang kaganapan sa buhay para makapag-enroll sa plano sa ngipin. Upang makahanap ng dentista, bisitahin ang unitedconcordia.com. Piliin ang Elite Plus PPO network.

| | CONCORDIA DENTAL PPO | |
|---|---|---|
| | Sa loob ng network | Sa labas ng network |
| Maximum sa Taon ng Plano | $1,500 | $1,500 |
| Taunang Deductibe (Indibidwal/Pamilya) | $50/$150 | $50/$150 |
| Mga Serbisyong Pang-iwas sa Sakit - Mga Pagsusuri, Paglilinis, X-ray | 100%, walang deductible | 100%, walang deductible |
| Mga Pangunahing Serbisyo - Mga Filling, Pagbunot, Operasyon sa Bibig | 100% pagkatapos ng deductible | 80% pagkatapos ng deductible<br>100% pagkatapos ng deductible (NC/ TX) |
| Mga Major na Serbisyo sa Pagpapanumbalik - Mga Crown, Paggawa ng Bridge, Mga Pustiso | 60% pagkatapos ng deductible | 50% pagkatapos ng deductible<br>60% pagkatapos ng deductible (NC/ TX) |
| Orthodontia Lifetime | 50% hanggang $1,500 max, walang deductible | 50% hanggang $1,500 max, walang deductible |

## Mga lingguhang kontribusyon para sa ngipin mula sa payroll ng empleyado

May bisa mula Okt. 1, 2024

| | |
|---|---|
| Empleyado | $7.72 |
| Empleyado + asawa | $14.69 |
| Empleyado + anak | $14.69 |
| Empleyado + mga bata | $25.00 |
| Pamilya | $25.00 |

*Saklaw ang mga dependent hanggang sa katapusan ng buwan kasunod ng kanilang ika-26 na kaarawan.*

**Mangyaring sumangguni sa iyong sertipiko ng coverage ng United Concordia at buod ng benepisyo para sa kumpletong listahan ng mga sakop na benepisyo.*

***Mga Residente Lamang ng North Carolina at Texas: Ang mga benepisyo sa itaas ay dahil sa mga regulasyon sa ng paghain ng UCCI para sa produkto sa ngipin sa mga estadong ito. Mangyaring sumangguni sa iyong sertipiko ng coverage at buod ng benepisyo para sa mga karagdagang detalye. Ang mga benepisyo sa Labas ng Network ay sakop hanggang sa Maximum na Pinapahintulutang Singil (Maximum Allowable Charge, MAC) ng United Concordia, na nakabatay sa nakakontratang singil para sa mga kalahok na dentista sa lugar. Maaaring singilin ng balanse ng provider ang miyembro para sa mga serbisyong lampas sa limitasyon ng MAC.*

**Puwede mong piliin ang United Concordia Dental na plano sa ngipin naka-enroll ka man o hindi sa medikal na plano o plano sa paningin.**

**Hindi ka makakatanggap ng dental ID card dahil karaniwang hindi mo kailangang magpakita ng isa tuwing bumibisita ka sa iyong dentista. Upang mag-print ng ID card, mag-log in sa unitedconcordia.com.**

# Paningin

## Aetna | Aetnavision.com | 877.973.3238

Nag-aalok ang ImageFIRST ng karagdagang plano sa paningin sa pamamagitan ng Aetna na may pinahusay na coverage sa paningin. Kabilang sa mga benepisyo ang mga pagsusuri sa mata at abot-kayang opsyon para sa mga de-resetang salamin o mga contact. Bisitahin ang aetnavision.com.

| | AETNA VISION PREFERRED | |
|---|---|---|
| Pagsusuri sa Mata (bawat 12 buwan) | Sa loob ng network | Sa labas ng network |
| Pagsusuring may Dilation kung Kinakailangan | $25 Copay | $20 Reimbursement |
| Pagsusukat/Follow Up sa Karaniwang Contact Lens[1] | Nagbabayad ang miyembro ng may diskwentong bayarin hanggang $40 | Hindi Sakop |
| Pagsusukat/Follow Up sa Premium na Contact Lens | Binabayaran ng miyembro ang 90% ng retail | Hindi Sakop |
| Mga Lens (bawat 12 buwan) | | |
| Single Vision | $25 Copay | $15 Reimbursement |
| Bifocal | $25 Copay | $30 Reimbursement |
| Trifocal | $25 Copay | $60 Reimbursement |
| Lenticular | $25 Copay | $60 Reimbursement |
| Progresibo (kasama sa copay ang halaga ng bifocal) | $90 Copay | $30 Reimbursement |
| Premium na Progresibo[2] | 20% diskwento sa retail na binawasan ng $120 na allowance sa plano at $90 Copay = out-of-pocket ng miyembro | $30 Reimbursement |
| Mga Frame (bawat 24 na buwan) | $100 Allowance** Karagdagang 20% diskwento sa balanse sa allowance | $50 Reimbursement |
| Mga Contact Lens (bawat 12 buwan) | | |
| Karaniwan | $115 Allowance** Karagdagang 15% diskwento sa balanse sa allowance | $75 Reimbursement |
| Disposable | $115 Allowance | $75 Reimbursement |
| Medikal na Kinakailangan | $0 Copay | $210 Reimbursement |

## Mga lingguhang kontribusyon sa paningin mula sa payroll ng empleyado

May bisa mula Okt. 1, 2024

| | |
|---|---|
| Empleyado | $0.88 |
| Empleyado + asawa | $1.68 |
| Empleyado + (mga) anak | $1.77 |
| Pamilya | $2.60 |

**Available ang coverage para sa nasa labas ng network. Upang makatanggap ng reimbursement hanggang sa mga halagang nakalista sa itaas, kinakailangan ang isang claim form na may resibong ipinapakita ang bawat item. Hindi lalampas ang reimbursement sa aktwal na singil ng mga provider. Makikita ang mga claim form sa aetnavision.com o sa pamamagitan ng pagtawag sa serbisyo sa customer mula Lunes hanggang Linggo sa 877-973-3238. Ang mga nakumpletong claim form ay maaaring isumite sa elektronikong paraan o ipadala sa Aetna, PO Box 8504 Mason, OH 45040-7111. Maaaring i-access ng mga naka-enroll na miyembro ang aming ligtas na website ng miyembro sa sandaling maging epektibo ang kanilang plano. Makakatanggap ang mga naka-enroll na subscriber ng pang-welcome na packet na may ID card na ipinadala sa kanilang bahay sa loob ng 15 araw ng trabaho pagkatapos maproseso ang pagpapatala.*

***Ang mga allowance ay mga benepisyo para sa isang beses na paggamit. Walang natitirang balanse na maaaring gamitin. Hindi nagbibigay ang plano ng benepisyo na bumababang balanse.*

*1 Pinapayagan ang pagsusukat ng contact lens at dalawang follow-up na pagbisita kapag nakumpleto na ang isang komprehensibong pagsusuri ng mata.*

*2 Ang mga premium na progresibo at premium na anti-reflective na brand designation ay napapailalim sa taunang pagsusuri at nagbabago batay sa mga kondisyon ng merkado. Tanungin ang iyong provider ng pangangalaga sa mata para sa karagdagang impormasyon.*

**Maaari mong ihalal ang plano sa paningin ng Aetna naka-enroll ka man o hindi sa medikal na plano o plano sa ngipin.**

**Hindi ka makakatanggap ng vision ID card. Gayunpaman, puwede kang mag-print ng ID card sa aetnavision.com.**

# Mga Account sa Flexible na Paggastos (Flexible Spending Account, FSA)

**PayFlex | payflex.com | 888.678.8242**

Ang isang mahusay na paraan upang magplano nang maaga at makatipid ng pera sa kurso ng isang taon ay ang pakikilahok sa isang FSA. Hinahayaan ka ng isang FSA na idirekta muli ang isang bahagi ng iyong suweldo sa batayan bago ang buwis patungo sa reimbursement account, na hinahayaan kang makatipid ng pera sa mga buwis. Sa bawat taon na gusto mong makilahok sa mga FSA, kailangan mong piliin ang halaga na nais mong iambag.

| | Mga taunang limitasyon sa kontribusyon |
|---|---|
| Account sa flexible na paggastos sa pangangalagang pangkalusugan | $3,200 bawat sambahayan* |
| Account sa flexible na paggastos sa pangangalaga ng dependent | $5,000 na magkasamang inihahain<br>$2,500 na indibidwal na inihahain* |

**Maaaring magbago ang mga limitasyon ng IRS.*

Nag-aalok ang ImageFIRST ng dalawang uri ng FSA na maakatulong sa iyo na makatipid sa isang batayan bago ang buwis para sa mga out-of-pocket na gastos.

Account na pina-paboran sa buwis

## Account sa flexible na paggastos sa pangangalagang pangkalusugan

Maaaring gamitin ang FSA sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga kwalipikadong out-of-pocket na gastos sa medikal, dental, paningin at inireresetang gamot.

Available ang mga pondo sa FSA sa pangangalagang pangkalusugan sa simula ng taon ng plano at maaari itong magamit para sa iyong mga gastusin at ng iyong asawa at mga dependent, kahit na ikaw at ang iyong pamilya ay hindi sakop ng aming plano sa pangangalagang pangkalusugan.

### Benepisyo na panahon ng palugit

Ang pinakamataas na kontribusyon sa 2024 para sa account sa flexible na paggastos sa pangangalagang pangkalusugan ay $3,200 bawat sambahayan. Isa itong account na dapat gamitin o kung hindi ay mawawala ito, na ang ibig sabihin ay mawawala ang anumang natitirang pondo sa account kasunod ng pagsasara ng taon ng plano.

Ang aming plano ay may 2 1/2 buwan na panahon ng palugit upang bigyan ka ng karagdagang panahon upang magkaroon ng mga claim at gamitin ang pondo ng iyong FSA upang bayaran ang mga gastusing ito. Dapat na makuha ang lahat ng serbisyo mula 10/1/2024 hanggang 12/15/2025. Dapat isumite ang mga claim bago lumipas ang Disyembre 29.

### Dagdag na Pera sa Iyong Account?

Mamili sa FSA Store para sa garantisadong pagiging kwalipikado sa 2,500+ produkto

fsastore.com



Account na pina-paboran sa buwis

# Account sa flexible na paggastos sa pangangalaga ng dependent

Nagbibigay-daan sa iyo ang mga FSA sa pangangalaga ng dependent na magtabi ng pera bago ang buwis upang mabayaran ang mga kwalipikadong out-of-pocet na gastos sa day care para ikaw o ang iyong asawa ay makapagtrabaho o makapasok sa paaralan nang full-time. Kailangan mong mag-ambag ng pera sa pamamagitan ng pagbabawas sa payroll sa iyong FSA sa pangangalaga ng dependent bago mo ito maaaring gastusin.

Sa panahon ng bukas na enrollment, kailangan mong magpasya kung magkano ang ilalaan para sa account na ito sa 2024. Maaari kang mag-ambag ng hanggang $5,000, o hanggang $2,500 kung may asawa ka at naghahain ng mga hiwalay na tax return.

## Mga kwalipikadong gastos

- Day care para sa nasa hustong gulang
- Day care para sa bata
- Pangangalaga pagkatapos pumasok sa paaralan
- Pag-babysit (may kinalaman sa trabaho, sa iyong bahay o sa bahay ng ibang tao)
- Pag-babysit ng iyong kamag anak na hindi isang dependent sa buwis (may kaugnayan sa trabaho)
- Yaya o au pair
- Pangangalaga sa nakatatanda sa kustodiya
- Transportasyon patungo at mula sa kwalipikadong pangangalaga (ibinigay ng iyong provider ng pangangalaga)

## Mga hindi kwalipikadong gastos

- Pag-babysit (walang kaugnayan sa trabaho, para sa ibang layunin)
- Pag-babysit ng iyong dependent sa buwis (may kaugnayan sa trabaho o para sa iba pang layunin)
- Pangangalaga sa nakatatanda sa kustodiya (walang kaugnayan sa trabaho, para sa ibang layunin)
- Mga aralin sa pagsayaw, mga aralin sa pagtugtog ng piano o mga aralin sa sports
- Mga serbisyo sa mga kasanayan sa edukasyon, pagkatuto o pag-aaral para sa mga (bata)
- Mga serbisyo sa sambahayan (kasambahay, katulong, tagaluto, atbp.)





# Group Term Life at Aksidenteng Pagkamatay at Pagkawala ng Braso o Binti (Accidental Death and Dismemberment, AD&D)

**The Hartford | thehartford.com | 800.563.1124**

Ang komprehensibong package ng mga benepisyo ng ImageFIRST ay kinabibilangan ng pinansyal na proteksyon para sa iyo at sa iyong pamilya kung sakaling magkaroon ng aksidente o pagkamatay. Awtomatikong ibinibigay ang coverage sa group term life at AD&D nang wala kang babayaran sa unang buwan kasunod ng 30 araw.

Sa kaganapan ng iyong pagkamatay, nagbibigay ang patakaran sa life insurance ng benepisyo sa benepisyaryong itinalaga mo. Kung resulta ng aksidente ang iyong pagkamatay o kung nagkaroon ka ng saklaw na labis na nagpapahinang pinsala dahil sa aksidente, saklaw ka ilalim ng insurance sa AD&D insurance para sa parehong halaga. Hindi nagbabayad ang Imagefirst para sa life ng dependent, pumipili at nagbabayad ang mga kasamahan para sa life ng bata at spouse.

| Group term life at AD&D | 100% binabayaran ng employer |
|---|---|
| Empleyado | 1x ng mga base na taunang kita hanggang sa $200,000 |

## Iskedyul sa pagbawas ayon sa edad

- Edad 65 hanggang 69: Nababawasan ang benepisyo sa 65% ng orihinal na benepisyo.
- Edad 70 pataas: Nababawasan ang benepisyo sa 50%.

## Magkanong Life Insurance ang Kailangan Mo?

**Mga Kasalukuyang Gastos**

- Mortagage/ Upa ng Bahay
- Mga Pagbabayad para sa Sasakyan
- Utang sa Credit Card
- Iba Pang Utang

**Mga Pangangailangan sa Hinaharap**

- Pangangalaga sa Bata
- Matrikulang Pangkolehiyo
- Pagreretiro ng Asawa
- Mga Karaniwang Gastos sa Sambahayan

Pagkatapos mong idagdag ang iyong mga responsibilidad sa pananalapi, paano maihahambing ang kabuuan sa iyong kasalukuyang coverage?



# Kapansanan

**The Hartford | thehartford.com | 800.563.1124**

Nag-aalok ang ImageFIRST ng dalawang plano sa kapansanan na binabayaran ng kumpanya ng The Hartford upang magbigay ng tulong pinansyal kung sakaling magkaroon ka ng kapansanan o hindi ka makapagtrabaho. Available ang mga plano sa kapansanan na ito sa mga kwalipikadong full-time na empleyado sa unang araw ng buwan kasunod ng petsa ng pag-hire.

## Plano sa panandaliang kapansanan (short-term disability, STD)

Idinisenyo ang mga benepisyo ng STD upang palitan ang bahagi ng iyong kita para sa panandaliang pinsala o karamdamang hindi nauugnay sa trabaho. Binabayaran ang mga benepisyo ng STD sa 66.66% ng iyong kwalipikadong lingguhang base na sweldo, hanggang $2,000 kada linggo, sa unang 13 linggo ng pinsala o karamdaman.

| Pagiging kwalipikado sa panandaliang kapansanan — mga full-time na empleyado | 100% binabayaran ng employer |
|---|---|
| Lingguhang halaga ng benepisyo | 66.66% |
| Lingguhang maximum ng benepisyo | $2,000 |
| Magsisimula ang benepisyo | Sa ika-8 araw |
| Tagal ng mga benepisyo | 13 linggo |

Binabayaran ng ImageFIRST ang mga benepisyo ng STD; wala kang babayaran. Gayunpaman, napapatawan ng buwis ang anumang benepisyo sa kapalit para sa kita.

## Plano sa pangmatagalang kapansanan (long-term disability, LTD)

Nag-aalok ang benepisyong ito ng pinansyal na proteksyon sa iyo sa oras na labis mo itong kailangan — kung magkaroon ka ng kapansanan at hindi ka na makakapagtrabaho. Makakatulong din sa iyo ang plano na bumalik sa trabaho, kung naaangkop.

| Pagiging kwalipikado sa pangmatagalang kapansanan — mga full-time na empleyado | 100% binabayaran ng employer |
|---|---|
| Halaga ng buwanang benepisyo | 60% |
| Maximum ng buwanang benepisyo | $7,500 |
| Magsisimula ang mga benepisyo | 90 araw |
| Tagal ng mga benepisyo | SSNRA o 3.5 taon |

Ang iyong halaga ng benepisyo ay maaaring ma-offset ng iba pang benepisyong natatanggap mo, katulad ng Social Security o kabayaran sa mga manggagawa. Napapailalim ang iyong mga buwanang benepisyo sa pederal na buwis sa kita at maaaring mapailalim sa mga pang-estado at lokal na buwis.

### Koordinasyon ng mga benepisyo sa kapansanan

Maaaring mabawasan ang iyong benepisyo kung nakakatanggap ka ng mga benepisyo sa kapansanan mula sa pagreretiro, Social Security, kabayaran sa mga manggagawa, insurance sa kapansanan ng estado, mga benepisyo sa walang kasalanan (no-fault) o mga kita sa pagbabalik sa trabaho. Sumangguni sa iyong sertipiko ng coverage para sa mga karagdagang detalye.

## Kailangan ko bang bayaran ang aking insurance sa trabaho habang nakaliban ako sa trabaho?

**OO!** Kung hindi mo babayaran ang iyong premium para sa mga benepisyo, maaaring wakasan ang mga benepisyo para sa hindi pagbabayad. Responsibilidad mo na ipaalam sa amin kung paano ka magbabayad, lalo na sa mahabang pagliban sa trabaho.

Dapat planuhin ng mga kasamahan ang kanilang mga muling pagbabayad sa oras ng kanilang pagliban sa trabaho. Maaari kang gumawa ng bahagyang pagbabayad habang nakaliban sa trabaho o maaari mong doblehin ang iyong mga pagbabayad pagkabalik mo sa trabaho.

Magpadala ng premium *(tseke o money order)* na mababayaran sa:
**ImageFIRST, sa sumusunod na address habang nasa anumang pagliban sa trabaho:**

**ImageFIRST**
*Attn: Benefits*
900 East 8th Ave, Suite 200, King of Prussia, PA 19406

**Isama ang iyong Pangalan, Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan, at Lokasyon.*





# Programa sa Tulong sa Kasamahan (Associate Assistance Program, AAP)

**The Hartford | guidanceresources.com | 800.96.HELPS o 800.964.3577**

*Web ID:* **HLF902** *Pangalan ng Kumpanya:* **ABILI**

Alam nating lahat na maaaring maging mahirap ang buhay kung minsan. Dahil sa mga isyu katulad ng pagkakaroon ng sakit, utang at mga problema sa pamilya, maaaring makaramdam tayo ng pag-aalala o pagkabalisa at hindi tayo gaanong makakilos nang mabuti. Ang AAP, na itinataguyod ng The Hartford, ay nagbibigay ng kumpidensyal na suporta at mga mapagkukunan para sa iyo at sa iyong mga dependent nang walang bayad. Maaari kang humingi ng ekspertong patnubay para sa anumang uri ng isyu, mula sa mga pang araw-araw na bagay hanggang sa mas malulubhang problema na nakakaapekto sa iyong kagalingan.

Narito ang inaalok ng programa:

- **AAP:** 3 personal na pagbisita sa mga bihasang clinician (bawat pangyayari), nang wala kang anumang gastos sa bawat sesyon sa.
- **MGA LEGAL NA MAPAGKUKUNAN:** Walang limitasyong pag-access sa telepono sa mga legal na propesyonal ng The Hartford, isang paunang konsultasyon nang walang bayad sa isang lokal na abogado at mga diskwento sa mga karagdagang serbisyo.
- **MGA PINANSYAL NA MAPAGKUKUNAN:** Walang limitasyong sa pag-access sa telepono sa isang tagapayo sa pananalapi. Walang limitasyong pag-access sa telepono sa mga propesyonal sa pananalapi para sa impormasyon tungkol sa personal na pananalapi at mga kaugnay na isyu.
- **MGA MAPAGKUKUNAN SA TRABAHO/BUHAY:** Impormasyon at mga referral tungkol sa pangangalaga ng bata, pangangalaga sa matanda, pag-ampon, paglilipat at iba pang usapin para sa personal na kaginhawaan.
- **MGA PAGSUSURI SA PANGANIB SA KALUSUGAN:** Online na access sa survey sa pagsusuri ng panganib sa kalusugan at iba't ibang tool at impormasyon sa pamamahala ng kalusugan.
- **ONLINE NA PAGHAHANDA NG HULING HABILIN O WILL:** Access sa Estate Guidance Will Preparation, na nag-aalok ng katiwasayan at pagiging simple ng online na paghahanda ng huling habilin. Maaari mong kumpletuhin ang isang huling habilin at i-download ito sa iyong computer.

## Mga Serbisyo sa Pagpapayo

### Tulong sa lahat ng panahon

Sa tuwing kailangan mo ng tulong sa isang isyu sa trabaho/buhay, narito ang AAP para sa iyo, 24 na oras sa isang araw. Available ang mga espesyalista para sa kumpidensyal na 24/7 na tulong at suporta.

Nagbibigay ang AAP ng pagpapayo sa lahat ng aspeto ng buhay, kabilang ang:

- Mga problema sa mga relasyon.
- Mga isyung emosyonal/sikolohikal.
- Stress at mga isyu sa pagkabalisa sa trabaho o pamilya.
- Pag-abuso sa alak at droga.
- Pagpapabuti ng sarili at buhay.
- Mga isyung legal o pinansyal.
- Depresyon.
- Mga isyu sa pag-aalaga ng bata at matanda.
- Mga isyu sa pagdadalamhati.

### Magsimula

Para sa karagdagang impormasyon at mga mapagkukunan:

Tumawag sa: 800.964.3577
Mag-online: guidanceresource.com

# 401(k) sa Pagreretiro

**Principal | principal.com | 1.800.547.7754 | Group #: 5-37290**

Idinisenyo ang plano sa pagreretiro ng ImageFIRST 401(k) upang matulungan kang maghanda para sa pagreretiro at makamit ang iyong mga layunin sa pananalapi.

## Paano gumagana ang plano?

Ginagawang madali ng 401(k) na plano sa pagreretiro na makatipid ka ng pera sa isang batayan na ipinagpaliban ang buwis. Kapag nag-enroll ka sa plano, itataguyod ang isang personal na account sa Principal sa iyong ngalan, na pinopondohan ng:

- Iyong mga kontribusyon (bago ang buwis at /o Roth). Mga kita sa pamumuhunan sa parehong uri ng mga kontribusyon.
- Mga katumbas na kontribusyon ng employer - Pagkatapos ng 1 Taon.
- Dolyar para sa dolyar hanggang sa 3% na may taunang maximum na pagtugma na $3,000

**Ito ay isang LIBRENG Pagtumbas ng Pera!**

## Pagiging Kwalipikado

Kwalipikado ang mga empleyado ng ImageFIRST (part time at full time) na mag-enroll at lumahok sa 401(k) na plano sa pagreretiro sa unang araw ng buwan kasunod ng 30 araw. Ang mga kasamahan ay dapat na hindi bababa sa 18 taong gulang upang lumahok.



### Mga awtomatikong pagpapaliban at awtomatikong pagtaas

Sa unang araw ng buwan kasunod ng 30 araw ng serbisyo na kwalipikado kang lumahok sa 401k na plano sa pagreretiro, ikaw ay **AUTOMATIKONG MAE-ENROLL.**

**DAPAT KANG MAG-OPT OUT** bago ang unang pagkaltas sa suweldo. Ang mga perang idineposito sa 401k ay maa-access para sa pag-withdraw sa pagreretiro o pagwawakas ng trabaho.

Maliban kung boluntaryo mong piliin na mag-opt out o mabago ang iyong sahod, magsisimula ang porsyento ng pagpapaliban sa 5% pagpapaliban at awtomatikong tataas nang 1% kada taon, na may bisa mula Oktubre 1, hanggang sa umabot sa maximum na 15% ang pagpapaliban mo.

## Pagtatalaga ng benepisyaryo

Ang isang mahalagang aspeto ng pagpaplano ng ari-arian ay ang paggawa ng mga pagtatalaga ng benepisyaryo at pagpapanatiling updated ang mga ito pagkatapos ng mga pagbabago sa buhay. Sa pangkalahatan, mabilis at madaling itakda o i-update ang iyong pagtatalaga ng benepisyaryo sa pamamagitan ng pagbisita sa principal.com. Kailangan mong ibigay ang pangalan at numero ng Social Security ng bawat benepisyaryo. Kung hindi mo makukumpleto ang pagtatalaga online, maaari kang makakuha ng isang papel na form.

## Katumbas na kontribusyon ng employer

Ang mga katumbas na kontribusyon ng ImageFIRST at ang mga kita nito ay 100% kaagad na itinataguyod sa sandaling lumahok sa 401(k) na plano sa pagreretiro. Palagi kang ganap na itinataguyod sa iyong mga kontribusyon at kita.

## Mga kontribusyon sa 401(k) bago ang buwis

Ang mga kontribusyon bago ang buwis ay nagbibigay-daan sa iyo na mabawasan ang iyong kasalukuyang nabubuwisang kita. Bukod pa dito, ipinagpaliban ang buwis sa anumang kita sa iyong mga kontribusyon. Ang anumang kontribusyon at kita ay ganap na nabubuwisan bilang ordinaryong kita kapag na-withdraw mo ang mga ito.

## Mga kontribusyon sa Roth 401(k)

Gumagawa ka ng mga kontribusyon sa Roth 401(k) gamit ang pera pagkatapos ng buwis, kaya wala kang nakikitang agarang benepisyo sa buwis. Ang anumang kita mula sa mga kontribusyon na iyon ay walang buwis kapag kumuha ka ng isang kwalipikadong distribusyon.

## Mga limitasyon sa 401(k) na plano sa 2024:

- Ang iyong mga pinagsamang hinirang na pagpapaliban — sa tradisyonal na 401(k), Roth 401(k) o pareho man — ay hindi maaaring lumampas sa $23,000 para sa taon ng buwis na 2024 kung wala ka pang 50 taong gulang.
- Kung ikaw ay may edad na 50 taong gulang pataas, maaari kang mag-ambag ng karagdagang $7,500 sa anyo ng mga panghabol na kontribusyon.
- Ang limitasyon sa katumbas na kontribusyon ng employer para sa 2024 ay $69,000 (edad na 49 o mas bata).

**Ang Primary Residence Loan at Hardship Withdrawal ay NANGANGAILANGAN NG SUMUSUPORTANG DOKUMENTASYON mula sa Kasamahan para sa halagang hiniling o kung hindi, tatanggihan ito ng Principal at ng iyong Departamento ng Mga Benepisyo.**

## Narito ang ilang kapaki-pakinabang na termino

**401(K):** Ang 401(k) na plano ay isang account sa pagreretiro na may bentahe sa buwis at na may tinukoy na kontribusyon na inaalok ng maraming employer sa kanilang mga empleyado. Pinangalanan ito ayon sa isang seksyon ng Kodigo sa Rentas Internas ng U.S. Maaaring magbigay ang mga manggagawa ng kontribusyon sa kanilang mga 401(k) na account sa pamamagitan ng awtomatikong pag-withhold ng payroll, at maaaring tumbasan ng kanilang mga employer ang ilan o lahat ng kontribusyong iyon. Ang mga kita sa pamumuhunan sa isang tradisyonal na 401(k) na plano ay hindi pinapatawan ng buwis hanggang sa i-withdraw ng empleyado ang perang iyon, na karaniwang pagkatapos ng pagreretiro.

**BAGO ANG BUWIS::** Ang kontribusyon bago ang buwis ay anumang kontribusyong ginawa sa isang itinalagang plano sa pensyon, account sa pagreretiro o iba pang sasakyan sa pamumuhunan na ipinagpaliban ang buwis kung saan ginawa ang kontribusyon bago bawasan ang mga pederal at munisipal na buwis. Halimbawa, kung naglagay ka ng $10,000 sa isang 401(k), hindi mo kailangang magbayad ng buwis sa $10,000 na iyon ng kita sa taong kinita nito. Ang mga kontribusyon bago ang buwis ay ang paraan ng gobyerno upang hikayatin kang mag-ipon para sa iyong pagreretiro.

# Mga Boluntaryong Benepisyo

Ang mga boluntaryong benepisyo ay maaaring makatulong sa iyo na maprotektahan ka mula sa mga malaki o hindi inaasahang out-of-pocket na gastos. Isaalang-alang ang iyong mga inaasahang medikal na pangangailangan kasama ang halaga ng mga plano sa insurance na available sa iyo. Palaging tandaan na inilalaan ang mga planong ito para dagdagan, hindi palitan, ang isang medikal na plano.

## Suplementong Life at AD&D Insurance

### The Hartford | thehartford.com | 800.563.1124

Maaari mo ring piliing bumili ng Suplementong Life Insurance coverage bilang karagdagan sa benepisyo na binayaran ng kumpanya. Binabayaran mo ang kabuuang halaga ng benepisyong ito sa pamamagitan ng magiginhawang pagbabawas sa payroll.

| | |
|---|---|
| Kasamahan | $10,000 na pagtaas hanggang sa $500,000 na maximum. Maaari kang pumili ng hanggang $150,000 nang hindi nangangailangan ng katibayan ng mabuting kalusugan. |
| Asawa | $5,000 na pagtaas hanggang sa maximum na $250,000. Ang halaga para sa iyong asawa ay hindi maaaring lumampas sa 50% ng iyong halaga ng coverage. Puwedeng pumili ang iyong asawa ng hanggang $25,000 nang hindi nangangailangan ng katibayan ng mabuting kalusugan. |
| Mga bata | $5,000 o $10,000 (mula sa edad na 14 na araw hanggang sa edad na 19, o 26, kung full-time na estudyante). |

## Pangmatagalang Pangangalaga

### Chubb | 855.241.9891

Ang boluntaryong term life na may coverage sa pangmatagalang pangangalaga ay nagbibigay ng proteksyon laban sa mataas na halaga ng mga nursing home, pasilidad para sa ginagabayang pamumuhay, at gastos sa provider ng pangangalaga sa tahanan. Makakakuha ka ng 4% ng iyong benepisyo sa pagkamatay bawat buwan habang ikaw ay nabubuhay para sa hanggang 25 buwan upang makatulong na magbayad para sa LTC. Naka-waive ang mga premium sa insurance habang binabayaran ang benepisyong ito.

## Legal na Insurance

### LegalEASE | legaleaseplan.com/imagefirst | 800.248.9000

Ang bagong Plano sa Mga Legal na Benepisyo mula sa LegalEASE ay isang natatangi at flexible na produkto sa insurance, na pinoprotektahan ka laban sa mga mataas na gastos sa mga legal na bayarin. Nagbibigay ang planong ito ng kaginhawaan sa paggamit ng alinman sa mga abogado sa loob o labas ng network at nag-aalok ito ng malawak na hanay ng mga ganap na sakop at/o bahagyang sakop na benepisyo, kabilang ang: tahanan at tirahan; pananalapi at mamimili; sasakyan at trapiko; pamilya; pagpaplano ng ari-arian at mga huling habilin; at mga pangkalahatang usapin sa batas. Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang LegalEASE sa 800.248.9000 o bisitahin ang legaleaseplan.com/imagefirst.





## Insurance para sa Alagang Hayop

### Nationwide | petinsurance.com | 888.899.4874

Lubos kaming nalulugod na mag-alok ng isang plano sa Boluntaryong Insurance sa Kalusugan at Aksidente ng Alagang Hayop sa pamamagitan ng Nationwide. Available ang enrollment sa plano anumang oras sa buong taon, at nag-aalok ang plano ng iba't ibang mga coverage para sa mga aso, pusa, ibon, at iba't ibang exotic na alagang hayop sa may diskwento na halaga. Bisitahin ang petinsurance.com para mag-enroll online o tumawag sa 1.888.899.4874 para mag-enroll sa isang kinatawan ng serbisyo sa customer.

## Benepisyo sa Paglalakbay sa Negosyo

Sinasaklaw ka ng plano sa benepisyo sa paglalakbay sa negosyo ng ImageFIRST habang naglalakbay ka kahit saan sa mundo. Awtomatiko kang naka-enroll ka sa plano sa benepisyo sa paglalakbay sa negosyo pagpasok sa trabaho, at binabayaran ng kumpanya ang buong gastos. Kung mangyayari ang pagkawala ng buhay habang naglalakbay, babayaran ang isang karagdagang benepisyo sa paglalakbay sa negosyo. Siguraduhing gawin ang iyong pagtatalaga ng benepisyaryo sa oras ng enrollment.

**Nag-aalok kami ng mga karagdagang benepisyo na nagbibigay sa iyo ng mga pagpipilian na higit sa pangangalagang pangkalusugan at proteksyon sa kita.**

## Reimbursement o ng Matrikula

Hinihikayat ng ImageFIRST ang bawat kasamahan na patuloy na magsikap na mapabuti ang kanilang sarili. Ang mga naaprubahang kurso sa patuloy na edukasyon ay maaaring kwalipikado para sa reimbursement ng matrikula hanggang sa maximum na $5,000 bawat taon para sa anumang antas ng edukasyon o sertipikasyon. Garantisado ang halaga ng reimbursement kung nakatanggap ka ng grado na C o mas mahusay dito. Tingnan ang manwal ng patakaran at pamamaraan para sa mga karagdagang detalye.

## Bayad na Oras ng Pagliban, Mga Holiday at Pagliban para sa Pagdadalamhati

Nag-aalok ang ImageFIRST ng may bayad na oras para sa bakasyon, mga personal na araw, mga araw na may sakit, mga holiday, at pagdadalamhati. Mangyaring sumangguni sa manwal ng Patakaran at Pamamaraan para sa mga karagdagang detalye.

## Malloy Medicare Advisors

Nakipagtulungan kami sa Malloy Medicare Advisors para tumulong na tugunan ang iyong mga alalahanin sa Medicare. Ang Malloy Medicare Advisors ay isang libreng mapagkukunan para sa sinumang pumapasok sa pagtanda o kwalipikado para sa Medicare. Sila ay isang pambansang kumpanya na handang sagutin ang iyong mga tanong sa Medicare saan ka man nakatira. Kapag nakipag-ugnayan ka sa Malloy Advisors, bibigyan ka ng komprehensibong edukasyon sa Medicare. Gagabayan ka ng isang lisensyadong ahente sa iba't ibang bahagi ng Medicare at sasagutin niya ang mga tanong o alalahanin mo. Tumawag sa 1.800.933.8129 o mag-email sa answers@malloymedicare.com para matuto pa. Maaari mo ring bisitahin ang website nila sa malloymedicare.com.

# Mga Pangunahing Termino sa Insurance

**COINSURANCE:** Ang Coinsurance ay ang iyong bahagi ng mga gastos ng isang sakop na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, na kinakalkula bilang isang porsyento (halimbawa, 20%) ng pinapayagang halaga para sa serbisyo. Magsisimula ang iyong coinsurance pagkatapos mong maabot ang iyong deductible. Halimbawa, kung ang pinapayagang halaga ng planong pangkalusugan para sa pagpapatingin sa tanggapan ay $100 at naabot mo ang iyong deductible, ang iyong pagbabayad ng coinsurance na 20% ay magiging $20. Ang planong pangkalusugan ang nagbabayad sa natitirang bahagi ng pinapayagang halaga.

**COPAY:** Ang isang copay ay isang fixed na halaga ng dolyar na binabayaran mo para sa isang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Maaaring mag-iba ang halaga ayon sa uri ng serbisyo. Ang iyong mga copay ay hindi mabibilang patungo sa iyong deductible ngunit mabibilang ito patungo sa iyong maximum na out-of-pocket.

**DEDUCTIBLE:** Ang deductible ay ang halagang kailangan mong bayaran para sa mga sakop na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan bago magsimula ang iyong plano na magbayad ng mga benepisyo. Halimbawa, kung $2,800 ang iyong deductible, hindi magbabayad ang iyong plano ng anuman hangga't hindi mo natutugunan ang iyong $2,800 na deductible para sa mga sakop na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na napapailalim sa deductible. Ang pangangalagang pang-iwas sa sakit ay hindi napapailalim sa deductible dahil 100% sakop ito ng anumang opsyon sa medikal na plano.

**INDIBIDWAL NA UTOS:** Ipinag-uutos ng perderal na reporma sa pangangalagang pangkalusugan sa karamihan ng mga mamamayan ng U.S. na magkaroon ng insurance sa kalusugan para sa kanilang sarili at sa kanilang mga dependent. Ang ImageFIRST ay tumutulong sa iyo upang manatili kang may insurance sa pamamagitan ng pag-aalok ng abot-kayang pangangalagang pangkalusugan sa lahat ng empleyado na nagtatrabaho nang hindi bababa sa 30 oras bawat linggo.

**MAKATUWIRAN AT KAUGALIAN:** Ang halaga ng pera na tinutukoy ng isang planong pangkalusugan ay ang normal o katanggap-tanggap na hanay ng mga singil para sa isang partikular na serbisyong may kaugnayan sa kalusugan o medikal na pamamaraan. Kung magsusumite ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan ng mas mataas na singil kaysa sa itinuturing na normal o katanggap-tanggap ng planong pangkalusugan, maaaring kailangan mong bayaran ang kaibahan.

**MAXIMUM NA OUT-OF-POCKET:** Idinisenyo ang maximum na out-of-pocket upang protektahan ka sa kaganapan ng isang malubhang sakit o pinsala. Kasama sa iyong maximum na out-of-pocket ang iyong deductible, coinsurance at mga copay na mula sa iyong sariling bulsa. Matapos mong mabayaran ang tinukoy na out-of-pocket na halaga sa taon ng polisiya, binabayaran ng plano ang mga natitirang sakop na serbisyo nang 100%.

**PALIWANAG NG MGA BENEPISYO (EXPLANATION OF BENEFITS, EOB):** Ang EOB ay isang pahayag mula sa kumpanya ng insurance na nagpapakita kung paano naproseso ang mga claim. Sinasabi sa iyo ng EOB kung anong bahagi ng claim ang binayaran sa provider ng pangangalagang pangkalusugan at kung anong bahagi ng pagbabayad, kung mayroon man, ang responsibilidad mo.

**PANGANGALAGANG PANG-IWAS SA SAKIT:** Ang mga karaniwang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ay maaaring mabawasan ang panganib ng ilang partikular na karamdaman o pangmatagalang kondisyon. Ang mga halimbawa ng mga serbisyo sa pangangalagang pang-iwas sa sakit ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, mga pisikal na pagsusuri, mga mammogram, mga bakuna sa trangkaso, mga pagsusuri sa prostate at pagtigil sa paninigarilyo.

**SA LOOB NG NETWORK KUMPARA SA LABAS NG NETWORK:** Ang isang network ay binubuo ng lahat ng kinontratang provider. Hinihiling ng mga network na lumahok ang mga provider na sa kanilang network, at bilang kapalit, sumasang-ayon ang mga provider na mag-alok ng mga may diskwento na serbisyo sa kanilang mga pasyente. Kung pipili ka ng provider na wala sa network, mas tataas ang iyong mga claim dahil hindi mo matatanggap ang mga diskwento na inaalok ng mga provider sa network.



# Mga Contact

| | | | |
|---|---|---|---|
| **MEDIKAL, PANINGIN** | Aetna | Medikal: 800.962.6842<br>Paningin: 877.973.3238 | Medikal: aetna.com<br>Paningin: Aetnavision.com |
| **RESETA*** | CVS | 833.268.1269 | caremark.com |
| **AAP/EAP**<br>Programa sa Tulong sa Kasamahan (Associate Assistance Program) | The Hartford | 1.800.96.HELPS (800.964.3577) | Web ID: HLF902<br>Pangalan ng Kumpanya: ABILI<br>guidanceresources.com |
| **NGIPIN** | United Concordia Dental | 800.332.0366 | unitedconcordia.com |
| **HEALTHCHAMPION** | The Hartford | 800.964.3577 | thehartford.com/employee-benefits/value-added-services |
| **AKSIDENTE, KRITIKAL NA SAKIT, KABAYARAN SA OSPITAL** | Aetna | 800.607.3366 | myaetnasupplemental.com |
| **LEGAL NA INSURANCE** | LegalEASE | 800.248.9000 | legaleaseplan.com/imagefirst |
| **STD**<br>Panandaliang Kapansanan<br>**LTD**<br>Pangmatagalang Kapansanan | The Hartford | 888.301.5615 | abilityadvantage.thehartford.com |
| **INSURANCE PARA SA ALAGANG HAYOP** | Nationwide | 888.899.4874 | petinsurance.com |
| **FSA**<br>Mga Account sa Flexible na Paggastos | PayFlex | 888.678.8242 | payflex.com |
| **401(K) NA PLANO SA PAG-IIPON SA PAGRERETIRO** | Principal | 800.547.7754 | principal.com |
| **MGA CLAIM SA LIFE & AD&D SUPLEMENTONG LIFE INSURANCE** | The Hartford | 800.563.1124 | abilityadvantage.thehartford.com |
| **LTC -**<br>Term Life na May Rider sa Pangmatagalang Pangangalaga | Chubb | 855.241.9891 | |

**Mangyaring tandaan na hindi magiging aktibo ang numero ng telepono ng serbisyo sa customer at link ng Caremark hanggang 10/1/24.*


ImageFIRST